児童・生徒用

# Panawagan sa mga Magbabakasyon ngayong Summer

Ang mga kaso ng covid infections ay mabilis na dumadami sa Gifu at hindi natin gusto na dumami pa ito. Kaya't ipagpatuloy ang pag-iingat ngayong summer vacation at gawin ang tamang pag-uugali sa pag-iwas ng impeksyon sa labas man o loob ng bahay.

## 1 Walang Sawang Pag-iingat sa Impeksyon

✓ Ugaliing gawin ang basic infection preventive measures: "Mag-mask※" "Social distancing" "Handwashing ng maayos", at iwasan ang kahit isa sa 3Ms na nagtataas ng risk ng impeksyon (Masikip na lugar at mahinang bentilasyon, Malapitang pag-uusap, Mataong lugar).

**※Ang paggamit ng mask ay depende sa distansiya sa tao at kung mag-uusap o hindi**

○ Ang paggamit ng mask ay basic infection preventive measure. Alamin kung kailan dapat mag-mask. Sa paggamit ng mask, naka depende ito sa distansiya sa tao (2m or more) at kung mag-uusap o hindi.

○ Kung mainit ang panahon, gumawa ng mga paraan para maiwasan ang heat stroke (ex. uminom para mapanatili ang tubig sa loob ng katawan) at isipin kung mabuti bang alisin ang mask (ex. outdoors at malayo sa iba)

✓ Sa Club Activities, mag-disinfect ng kamay, pahanginan ang kwarto, mag-mask kung kailangan mag-usap habang nagpapalit ng damit, nagsasalu-salo, atbp.

## 2 Araw-araw I-check ang Pakiramdam

✔ Gamit ang "Health Check Card", i-record/ i-check ang kalusugan everyday.

- ○ I-check din ang health condition ng mga kasama sa bahay. Kung isa sa inyo ay may anumang sintomas ng covid, mas mabuti na manatili sa bahay para magpahinga at huwag sumali sa club activities, atbp.
- ○ Magpa check- up kung nakaramdam ng anumang sintomas ng covid (sinat, masakit na lalamunan, ubo, mabigat ang katawan, atbp).
- ○ Tumawag at ipaalam agad sa telephone number sa ibaba kung 'Positive' ang PCR test o rapid antigen test, o anumang covid test na kinuha.

Contact：(各学校又は市町村教育委員会で記載)

## 3 Dobleng Pag-iingat sa labas ng Paaralan

✔ I-check muna ang countermeasures ng restaurant bago ito gamitin (gamitin ang mga tindahan* na may basic infection preventive measures, tulad ng mga tindahan na may maayos na bentilasyon, may body temperature reader at may hand sanitizer, atbp).

*COVID countermeasure implementing sticker




✔ Kung kakain sa labas kasama ng mga tao na hindi kasama sa bahay, iwasan mag-usap habang kumakain o gumamit ng mask kung mag-uusap.

✔ Kung mamamasyal, habang naglalakbay at kapag makarating sa destinasyon, ipagpatuloy ang basic infection preventive measures at ang pag-iwas sa 3 M's.

Gifu Prefectural Board of Education 2022, Hulyo

# Apela sa mga Magulang at Guardian

Mabilis na dumadami ang kaso ng covid infections sa Gifu. Dagdag pa dito, ang bilang ng mga tao ay inaasahang tataas sa summer vacation, kayat may posibilidad na ang impeksyon ay higit pang kumalat. Mangyaring huwag magsawang gumawa ng masusing mga hakbang sa pagiwas ng impeksyon sa loob at labas ng bahay nitong summer vacation.

## I　Ipaunawa sa anak ang pointers sa pag-iwas ng impeksyon

✔ Inaakala na ang Covid 5th Wave last year ay bunsod ng aktibidad ng mga tao noong summer at Obon holidays.

✔ Binigyan namin ng babasahin ("Panawagan sa Mga Magbabakasyon ngayong Summer") ang mga bata at studyante tungkol sa mabuting pag-iwas sa impeksyon. Hinihiling namin ang tulong ng mga magulang at guardian sa pagpapaintindi nito sa bata upang ugaliing gawin ang mga ito.

- ○ Ugaliin na i-check ang pakiramdam bawat araw gamit ang "Health Check Card". Gawin din ito kahit na sa mga araw na hindi pumasok sa school ang bata.
- ○ Ang paggamit ng mask ay basic infection measure. Sa paggamit ng mask, naka depende ito sa distansiya sa tao (2m or more) at kung mag-uusap o hindi.
- ○ Para maiwasan ang heat stroke sa mga araw na sobrang init o humid ang panahon, importante na uminom para mapanatiling hydrated ang katawan at alisin ang mask sa labas kung malayo naman sa ibang tao.
- ○ Kung may nakakabahalang sintomas (kahit isa o mild lang), ipatingin agad ang bata sa doktor at huwag nang papasukin sa club activities o anuman at manatili nalang sa bahay para magpahinga.
- ○ Tumawag at ipaalam agad sa telephone number sa ibaba kung 'Positive' ang PCR test o rapid antigen test, o anumang covid test na kinuha.

Contact：(各学校又は市町村教育委員会で記載)

## 2　Magtulungan ang buong pamilya para maiwasan ang impeksyon

✔ Ang kooperasyon ng lahat ng miyembro ng pamilya ang kailangan para maprotektahan ang mga bata sa covid. Sa bakayon nitong summer, ugaliin gawin ng buong pamilya ang mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon

✔ Mag-mask kung makikipag-usap sa mga tao na hindi kasambahay lalo na sa mga salu-salo, kainan, o inuman.

✔ Kung mamamasyal, habang naglalakbay at kapag makarating sa destinasyon, ipagpatuloy gawin ang basic infection preventive measures at ang pag-iwas sa 3 M's.

Gifu Prefectural Board of Education　　2022, Hulyo